LUNGSOD AT COUNTY NG SAN FRANCISCO

# ABISO UKOL SA PROGRAMA PARA SA MGA PAMANTAYAN NG KALIDAD (QUALITY STANDARDS PROGRAM, QSP) MGA EMPLEYADO NG SFO – HULYO 1, 2023

## Ordinansa ukol sa Pananagutan sa Pangangalaga ng Kalusugan (Health Care Accountability Ordinance)

Kontratista ng Lungsod at County ng San Francisco ang taga-empleyo ninyo. Saklaw ng Ordinansa ukol sa Pananagutan sa Pangangalaga ng Kalusugan (Health Care Accountability Ordinance, HCAO) ang kasunduang kontrata (contract agreement) na ito. Para sa mga QSP na empleyado sa SFO, itinatakda ng HCAO sa inyong taga-empleyo na magkaloob ng mga benepisyo para sa planong pangkalusugan ng pamilya (family health plan benefits) sa nasasakop na mga empleyado at kanilang dependents (umaasa sa kanila), o magbayad sa ngalan ng nasasakop na mga empleyado sa programang City Option ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan (Department of Public Health). **Kung nagtatrabaho kayo para sa QSP na taga-empleyo sa SFO, sakop na empleyado kayo at kailangang pumili ang inyong taga-empleyo ng isa sa mga sumusunod na opsiyon:**

1. BIGYAN KAYO NG SUMUSUNOD SA BATAS NA FAMILY HEALTH PLAN PARA SA INYO AT SA INYONG DEPENDENTS NA TUMUTUGON SA ITINATAKDA NG BATAS PARA SA PLANONG PANGKALUSUGAN
   • Hindi puwedeng itakda sa inyo ng inyong empleyado na mag-ambag ng anumang halaga tungo sa premium para sa nasasakop ng plano para sa kalusugan ng pamilya (family health plan coverage).
   • Kailangang magsimula ang pagkakasakop o coverage nang hindi lalampas sa Marso 21, 2021, o, para sa mga empleyadong na-empleyo matapos ang petsang ito, sa unang araw ng buwan, na magsisimula matapos ang 30 araw mula sa pagsisimula ng pagkaka-empleyo.

O

2. MAGBAYAD NG $10.30 KADA ORAS NG PAGTATRABAHO SA CITY OPTION
   • Kapag hindi nagkaloob ang inyong taga-empleyo ng sumusunod sa batas na family health plan na tumutugon sa itinatakda para sa planong pangkalusugan, kailangang magbayad ang taga-empleyo ninyo ng $10.30 kada oras ng pagtatrabaho ninyo (hanggang sa 40 oras sa isang linggo) sa City Option, na programa ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan (Department of Public Health) para sa pagkakaloob ng benepisyong pangkalusugan.

**Walang itinatakdang minimum na oras** para sa mga empleyado ng QSP na taga-empleyo sa SFO upang maging kuwalipikado para sa mga benepisyong ito sa pangangalaga ng kalusugan.

KUNG NANINIWALA KAYONG NILALABAG ANG INYONG MGA KARAPATAN, KONTAKIN ANG OPISINA PARA SA PAGPAPATUPAD NG MGA PAMANTAYAN SA PAGGAWA (OFFICE OF LABOR STANDARDS ENFORCEMENT) SA (415) 554-7903.

Office of Labor Standards Enforcement (OLSE)
City Hall, Room 430
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
San Francisco, CA 94102
https://sf.gov/information/understand-health-care-accountability-ordinance